**Ang gabay na ito ay maaaring may taglay na sensitibong impormasyon kaugnay sa voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)**

# Guide 1 – Ano ang voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay) at paano kayo makapagsasabi ng inyong opinyon?

Ang pagtiyak sa pagbibigay ng madamayin, mataas na kalidad at madaling makuhang palliative care (pangangalagang palyatibo) para sa mga taong nasa huling yugto ng kanilang buhay ay isang batayang karapatan para sa lahat ng ng mga Territorian. Gaya ng sa iba pang mga Australyano, ang komunidad ng NT ay dapat magkaroon ng kalayaang gumawa ng mga pagpapasya upang mapamahalaan ang pangangalaga sa huling yugto ng kanilang buhay.

Ang NT ay may bukud-tanging kasaysayan bilang unang hurisdiksyon sa Australya na nagkaroon ng Voluntary Assisted Dying (VAD) noong 1995. Ngayon, maraming mga Territorian ang humihingi ng tunay na mapagpipilian para sa pangangalaga sa huling yugto ng kanilang buhay, kabilang ang opsyon na maihanay ang huli nilang mga sandali sa kanilang mga pinahahalagahan.

Ang voluntary assisted dying ay isang prosesong maingat na pinangangasiwaan na nagbibigay sa mga indibidwal ng pagpapasyang wakasan ang kanilang buhay kung kailan nila gustong gawin ito, kung matutugunan nila ang lahat ng mga ligal na pamantayan.

Ang balangkas ng VAD ay matatag na nagbibigay-diin sa kaligtasan, etika, at proteksyon ng mga indibidwal at mga propesyonal ng kalusugan. Noong Disyembre 2022, ipinasa ng Senado ng Australya ang Restoring Territory Rights Act (Cth), na nag-alis ng mga paghihigpit na noong dati ay humadlang sa NT at sa Australian Capital Territory (ACT) sa paggawa ng batas para sa VAD.

Mayroon nang voluntary assisted dying sa Victoria, Western Australia, Tasmania, Queensland at South Australia at malapit na itong iharap sa New South Wales sa Nobyembre 2023. Pag-aaralan din ng ACT ang batas para sa VAD sa Legislative Assembly nito sa 2023.

**Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

Nakapagtatag na ng isang expert advisory panel (dalubhasang tagapayong lupon) bilang bahagi ng proseso ng konsultasyon.

Ang Panel, na pangunguluhan nina Vicki O'Halloran AO CVO at Duncan McConnel, ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa mga Territorian upang mangalap ng kinakailangang komento upang bigyang-hugis ang panghuling ulat na ibibigay sa Pamahalaang NT bago dumating ang Hulyo 2024.

Ibibilang sa proseso ng konsultasyon sa mga rehiyon at malalayong (remote) pook ng Northern Territory at sa malalaking sentrong malalapit sa mga lungsod (urban), titiyaking pakikinggan at haharapin ang mga tanong at komento ng komunidad tungkol sa voluntary assisted dying. Prayoridad ng Panel na tiyaking isasaalang-alang ng konsultasyon ang mga

opinyon ng mga Aborihinal na Territorian at ng ibang mga grupong pangkultura at pangrelihiyon.

Ang limang gabay sa talakayang ito ay dinisenyo upang tulungan ang mga taong gustong umambag sa pagbuo ng mga batas, regulasyon, ay pagpapalakad ng VAD. Ang mga ito ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa VAD sa ibang mga estado sa Australya at magbabalangkas ng mga pangunahing paksa para sa  pagsasaalang-alang at pagkomento sa limang mahahalagang bahagi.  BIbigyang-diin din ng mga Gabay ang mga partikular na tanong na tatalakayin ng Expert Panel:

1. Anong mga liksyon ang maaaring matutunan ng Northern Territory mula sa mga karanasan sa VAD ng ibang mga hurisdiksyon, kabilang ang sa mga ibang bansa?
2. Sino ang dapat maka-access sa VAD?
3. Ano dapat ang proseso para maka-access sa VAD ang isang tao?
4. Anong mga modelo ng pangangalaga ang dapat gamitin upang mahusay na maipatupad ang VAD sa Northern Territory?
5. Ano ang mga ligal at etikang responsibilidad ng mga praktisyoner ng pangkalusugang pangangalaga na kasangkot sa VAD?
6. Anong mga pag-iingat ang kailangang pairalin para sa mga tao na hihiling o magbibigay ng VAD?
7. Paano susubaybayan ang pagsunod?
8. Anumang iba pang tanong na ituturing na angkop ng Panel.

Ang mga interesadong partido (stakeholders) mula sa iba't ibang sektor sa buong NT ay aktibong makikipag-ugnayan, kabilang ang kalusugan, hindi pampamahalaang mga organisasyon, mga grupong pangkomunidad, mga organisasyong kontrolado ng Aborihinal na komunidad, mga organisasyong kumakatawan sa mga katulad na grupo (peak bodies), unibersidad, at mananaliksik.

Mahalagang tandaan na kapag napagtalunan at naipasa na ang batas, hindi kaagad makakakuha ng voluntary assisted dying ang mga marapat na tao, kailangan munang kumpletuhin at itatag ang mga angkop na pagsasanay at protokol.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa VAD at magbahagi ng inyong komento, pumunta sa cmc.nt.gov.au/vad